

Winnipeg Free Press

1355 Mountain Avenue

CARRIER HANDBOOK



Basahin ang e-edition - magagamit sa iba pang mga wika

Revised November 2016

TALAAN NG MGA NILALAMAN

<u>paksa</u>	<u>pahina</u>
Pagdating sa Depot	5
Insurance carrier	30
Collection Card - Carrier	19, 20
Collection Card - Sukritor	21
Collection Envelopes	18
Collection Envelopes, Bumabalik	22
Impormasyon sa Pagkontak	3
Daily Report Activity (DAR)	10, 11
Listahan Delivery	7, 8, 9
Delivery Products, Karagdagang	14
Delivery Products, Third Party Papers	15
Oras ng paghatid	12
Map - buong gilid ng gusali	6
On-ruta	16
Paper Drop Off Lokasyon	13
Personal na Kinakailangan	4
Nakasalansan Up Papers	17
Patakarang Pangpribado	28, 29
profit Structure	25
rate Card	23
Gantimpala	27
Route Postings	26
serbisyo	12
Sticker, Pagbabayad	17
pamalit	24
buod	31

IMPORMASYON PARA SA INYONG MGA KATANUNGAN

Free Press Depot
1355 Mountain Avenue

Oras
Lunes hanggang Sabado
12:30 am hanggang 2:00 pm

204-697-7155

(Sa oras na walang tao sa opisina, mag-iwan lamang ng voice message)

Email: freepress.depot@freepress.mb.ca

Makipag-ugnayan sa Free Press Depot para:

- ✓ impormasyon tungkol sa ruta
- ✓ listahan ng ruta
- ✓ may kulang o nasirang dyaryo
- ✓ problema sa koleksyon
- ✓ mga kagamitan: tulad ng plastik sleeves, goma at iba pa




Kapag tumatawag, mangyaring sabihin ang mga sumusod:

**ANG PANGALAN MO,
NUMERO NG RUTA, AT ANG
RASON NG TAWAG**

MGA BAGAY NA KAILANGAN SA TRABAHO

Sasakyan

Ang mga Tagahatid (Carriers) ay dapat maglaan ng isang maaasahang sasakyan at lahat ng iba pang mga kasangkapan at kagamitan upang makumpleto ang kanilang mga tungkulin.



Kailangan ng nararapat na lisensya (drivers licence) at insurance ng sasakyan sa ilalamin ng Motor Vehicle Law. At kailangang mga mga dokumentong ito ay manatiling kasalukuyan sa termino ng iyong kontrata.



Pagsasanay ng iyong Ruta

Bago ang simula ng iyong unang araw, dapat kang magsagawa ng isang pagsasanay upang maging pamilyar sa mga kalye at sa tirahan. Maging MAPAGPASENSIYA... ang unang ilang araw ay magiging mahirap dahil sa hindi ka pa pamilyar sa iyong ruta ngunit ito ay lilipas din.



Reflective Safety Vests

Inirerekomenda na ang lahat ng mga Tagahatid (Carriers) ay magsuot ng Reflective Safety Vest habang naghahatid ng dyaryo.



Flashlight

Inirerekomenda din na magdala ng isang flashlight. Ito ay makakatulong sa paghahanap ng bahay/tirahan na iyong

dadalhan at makatutulong sa pagiging ligtas lalo na sa paglalakad sa dilim.

Pagdating sa DEPOT

Ang iyong iskedyul sa pagpick-up ng dyaryo ay depende sa kung saan ang iyong ruta. Alamin ang iyong **FSA** (ang unang tatlong character ng Postal Code). Ang mga Tagapaghatid (Carriers) ay dapat nasa Depot na ng 1:00 am – 2:30 am.

Group 1	Group 2	Group 3	Group 4
01:00	01:30	02:00	02:30
R2N	R2J	R2C	R2G
R3R	R2M	R2E	R2K
R3T	R3L	R2L	R2P
R3V	R3M	R2H	R2R
R3X	R3N	R2Y	R2V
R3Y	R3P	R3J	R2W
		R3K	R2X
		R3W	R3A
			R3B
			R3C
			R3E
			R3G

Sa iyong pagdating, dapat pumunta sa opisina ng Depot upang kunin ang iyong "DAILY ACTIVITY REPORT" mula sa iyong itinalagang mailbox. Ang iyong mailbox ay nakaayos ayon sa numero ng inyong Carrier ID at ruta. Maaari ring mayroong iba pang mga mahalagang impormasyon sa iyong mailbox. **Sa kaganapan na walang "DAILY ACTIVITY REPORT" sa iyong mailbox, mangyaring pakipag-ugnayan kaagad sa isa sa mga District Managers.**

Kung kailangan mo ng anumang kagamitan tulad ng goma, plastik bag, stickers, atbp, maaari kang kumuha ng mga ito sa may shipping area sa likod ng ating gusali.


Kapag nakuha mo na ang lahat ng papeles sa iyong mailbox, maaari ka ng pumunta sa likod ng ating gusali, sa "NEWSPAPER/On-ROUTE package loading area".

Ibigay ang iyong "DAILY ACTIVITY REPORT" (DAR) sa Shipper upang makuha ang iyong mga dyarto at On-route package(s).



Bago umalis, responsibilidad mong tama ang bilang ng iyong dyaryo at on-route package(s). Kung ikaw ay may kulang, agad pumunta sa Depot Office upang makakuha ng kulang na dyaryo o on-route package(s).

Ito ang direksyon sa pagmaneho sa paligid ng ating gusali sa pagpick-up ng dyaryo at ng on-routes package(s). Sa mas-detalyadong lokasyon ng pick-up, makipagkita sa District Manager o sa mapa na nakapastil sa bulletin board.



ANG LISTAHAN NG INYONG HAHATIRAN

Ang mga Tagapaghatid (Carriers) ay makakatanggap ng bagong LISTAHAN NG DELIVERY tuwing Lunes at Sabado. Responsibilidad ng Tagapaghatid (Carriers) na baguhin ang kanilang ruta tuwing Lunes kung may natanggap na bagong hahatiran ng dyaryo (STARTS), paghinto ng paghatid ng dyaryo (STOPS) o pagsimula muli ng paghatid ng dyaryo (RESTARTS) mula Martes at Biyernes linggo-linggo.

Ang Listahan ng Delivery ay nakapasok sa ating GPS program (Route Smart) at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga aktibong subscriber pati ang kanilang tirahan (address) at ang kanilang mga particular na bilon sa paghatid ng kanilang papel, tulad ng mga halimbawa sa sumusunod na dalawang pahina. Mangyaring sumunod sa anumang mga espesyal na kahilingan ukol sa paghatid ng ating mgs Subscribers:

1. araw ng paghahatid
2. numero ng ruta
3. petsa ng pagsasaayos: Oras at petsa kung kailan naproseso ang listahan ng ruta
4. Tirahan na di na nailagay sa ruta: Ang mga tirahang ito ay di makikita listahan ng ruta .
5. Ang direksyon ng paghatid ng dyaryo mula Depot papunta sa unang tirahan:
 - L = Lumiko pakaliwa (LEFT)
 - R = Lumiko pakanan (RIGHT)
 - X = Tumawid
 - XR = Tumawid sa kanang lamang
 - XL = Tumawid sa kaliwa lamang
 - VR = Gumilid sa kanan
 - VL = Gumilid sa kaliwa
 - KR = Manatili sa kanan
 - KL = Manatili sa kaliwa
 - SR = manatili sa kanan
 - SL = manatili sa Kaliwa
6. Unang kalyeng hahatiran.
7. Ang numero ng tirahang hahatiran halimbawa 7A-unit/apartment number
8. Publication (Dyaryo)
9. Kung higit sa isang dyaryo ang ihahatid sa isang tirahan, ito ay nakasaad sa kanang bahagi ng publication (dyaryo)
10. Mga espesyal na kahilingan sa paghatid ng dyaryo
11. Huling tirahang hahatiran
12. Bilang ng dyaro
13. Bilang ng dyaryo lamang
14. Ang bilang ng kilometrong nagamit mula sa depot gamit ang ruta hanggang sa huling tirahang hinatiran.

SAMPLE DELIVERY LIST

1 Thursday Delivery List

3

DC:112

SOLUTION DATE:: 9/14/2016 / 6:13PM

Route: A12001

2

Page 1

Disclaimer: The directions provided below are computer-generated and may not reflect actual traffic conditions. You are required to obey all traffic rules and regulations at all times. Such traffic rules and regulations shall take precedence over the computer-generated directions.

ADDRESSES NOT ROUTED:: PRD SRV DRW DELIVERY INST.

4

ADDRESS	PRD	SRV	DRW	ADDRESS	PRD	SRV	DRW
START ROUTE				X -- HOME ST			
L -- MOUNTAIN AVE				XR -- SIMCOE ST>			
X -- FIFE ST				XL -- <TECUMSEH ST			
R -- MCPHILLIPS ST				X -- BEVERLEY ST			
X -- COLLEGE AVE				X -- TORONTO ST			
X -- BOYD AVE				XR -- VICTOR ST>			
X -- REDWOOD AVE				XL -- <EMILY ST			
X -- ABERDEEN AVE				XR -- MCGEE ST>			
X -- ALFRED AVE				ON -- CUMBERLAND AVE			
X -- BURROWS AVE				X -- MARYLAND ST			

6

VAUGHAN ST

7

→ 310

FP

8

3

9

947-1674 DKIENE@WSD1.ORG
WPGADULTEDNIE@WSD1.ORG PUT PAPER
FIRE ESCAPE AROUND CORNER CLOSE ON
WEBB ST

L -- VAUGHAN ST

← 333

7A

#101

FP

#107

FP

#508 FP
 SECURITY BAG 10
 #606 FP
 #607 FP
 #608 FP
 #704 FP
 #802 FP
 #804 FP
 #805 FP
 #904 FP
 #905 FP
 #907 FP
 #1001 FP
 #1002 FP
 #1005 FP
 #1006 FP
 #1007 FP
 #1101 FP
 #1102 CD

#1805 FP
 SLIDE UNDER DOOR 10
 → 410
 #430 FP
 #635 FP
 #835 FP
 SECURITY BAG ACCESS CODE: BUZZ 5069 10
 → 400
 #54 FP
 #1051 FP
 11

DC:112
 Route: A12001

SOLUTION DATE:: 9/14/2016 / 6:13PM
 Page 4

ROUTE TOTALS

TOTALS BY SERVICE:

FP: 118 12

DRAW: 118 13

SEQUENCED: 118
 UNSEQUENCED: 0

KILOMETERS: 6.85 14

SVC TIME: 1:56
 SEQUENCED: 1:56

UNSEQUENCED: 0:00

DRV TIME: 0:11

TOTAL TIME: 2:07

ANG IYONG DAILY ACTIVITY REPORT (DAR)

Ito ang iyong araw-araw na talaan na nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa bilang ng balutan (bundle), mga produkto, mga pagbabago sa iyong ruta, at dalas ng paghahatid. Ang iyong bagong DAR ay makukuha sa iyong mailbox araw-araw.

Partikular, ang "DAILY ACTIVITY REPORT" (DAR) ay nagbibigay ng mga sumusunod na impormasyon sa mga Tagapaghatid (Carriers):

1. petsa
2. Numero ng Tagapaghatid (Carrier Identification Number)
- 2A. Numero ng ruta
3. Ilagay sa loob ng dyaryo ang unang balot ng on-route (insert package-bundle size)
4. Ilagay sa loob ng dyaryo ang ikalawang balot ng on-route (insert package-bundle size)
5. Karaniwang laki ng balutan (bundle size) ng dyaryo
6. Dami ng balutan sa bawat grupo
7. Kabuuang bilang para sa bawat grupo
8. Ilagay sa loob ng balutan ang sulat para sa pick-up
9. Sulat tungkol sa balutan ng dyaryo. Sa ibang mga pagkakataon magkakaroon ng iba't ibang mga sulat para sa mga balutan, halimbawa kapag ang isang advertising Post-It-Note ay nakalakip lamang sa front page para sa ilang mga ruta. Kailangang basahin mabuti ang mga nakalakip na sulat dahil sa ibat-ibang bilin sa ibat-ibang produkto.
10. Bagong hahatiran ng dyaryo:
 - Pangalan ng bagong hahatiran (subscriber) at tirahan simula sa araw na iyon
 - Ang bagong delivery iskedyul ng bagong hahatiran (subscriber) - 6 na araw, 3 araw o isang araw lang
 - Listahan ng mga produktong ihahatid - FP (Free Press), Youtube (TV book tuwing Sabado)
11. Paghinto ng paghatid ng dyaryo:
 - Pangalan hinahatiran (subscriber) at tirahan
 - delivery iskedyul ng hinahatiran (subscriber)
 - Listahan ng mga produktong dating inihahatid
12. Pagbabayad: Ipaalam sa Tagapaghatid (carrier) kapag ang isa sa kanilang mga hinahatiran ay nagbayad ng kanilang subscription ng dyaryo

13. Tuwing Huwebes ipapaalala ang inyong mga 3-araw na hinahatiran (3-day subscribers)
14. Ibigay sa Shipper itong papel sa pagkuha ng inyong mga dyaryo. Malalaman ng Shipper kung ano ang inyong kailangang mga produkto tulad ng flyers, dyaryo at ang mga bilang nito.

Araw-araw ugaliing suriin ang inyong mga “DAILY ACTIVITY REPORT” (DAR)

SAMPLE DAR

DAILY ACTIVITY - FREE PRESS

Carrier: **MICHAEL**

Phone: **(204) 510-**

09/15/16

A1200103

Service 2 A12001 118

	Size	Bundles	Odds	Draw	Package
ONROUTE	15	8	-	120	D
ONROUTE2	15	8	-	120	V
Daily	40	3	-	120	A

A12001

START

KARIN A
333 VAUGHAN ST APT 60
1225076

6DAY Office Pay

FP Your Tube

STOP

PAUL H
333 VAUGHAN ST APT 504
1283430

6DAY Office Pay

FP Your Tube

PAYMENT

JEN
43 WEBB PL
11208

6DAY Office Pay

3 Day

BRENDA M
GLEN K

33 VAUGHAN ST APT 1

33 VAUGHAN ST APT 3

14**DAILY ACTIVITY - FREE PRESS**Carrier: **MICHAEL****A1200103**Depot: **FREE PRESS**

09/15/16

Service 2 Route Draw
A12001 118Truck: **D1002**

	Size	Bundles	Odds	Draw	
ONROUTE	15	8	-	120	D
ONROUTE2	15	8	-	120	V
Daily	40	3	-	120	A

SERVICE

MAGHATID SA ORAS!

Ang lahat ng ating hinahatiran (Subscriber) ay ginarantiyahan na matatanggap ang kanilang dyaryo ng:



06:00 umaga Lunes - Biyernes



07:00 umaga ng Sabado

Huwag magkalat

PAWANG DYARYO LAMANG o INSERTS ay maaaring ilagay sa Recycling Bin sa may kanlurang bahagi ng gusali. **HUWAG** ilagay ang anumang pambalot na plastik (wrap) at mga plastik na tali sa mga bins. Yaong mga bagay, at iba pang mga basura, ay inyong itapon sa dapat na tapunan.



Responsibilidad sa Iyong Kilos

Mangyaring maging magalang sa personal na pag-aari ng ating mga hinahatiran (Subscribers) habang naghahatid. Bilang isang malayang tagapaghatid ng dyaryo (independent newspaper carrier), ikaw ay responsable sa ano mang pinsala dala ng inyong sarili o ng inyong sasakyan.

SAAN BA DAPAT ILAGAY ANG DYARYO

Ang dyaryo ay dapat palaging iwan sa isang ligtas at tuyong lokasyon – madalas sa loob ng mailbox maliban kung ang hinahatiran (subscriber) ay may kahilingan na ilagay sa isang lokasyon tulad ng sa pagitan ng pinto o sa loob ng isang screen door.

Laging igalang ang ari-arian ng ating hinahatiran – dumaan sa bangketa (sidewalk) at HUWAG sa damuhan.



UNANG OPSYON

Sa loon ng Mailbox



IKALAWANG OPSYON

Sa pagitan ng screen door



IKATLONG OPSYON

Ilagay sa loob ng mailbox ngunit ilagay ang dyaryo sa isang plastic na balutan (wrap) kung umuulan upang di mabasa



HULING OPSYON

Lagyan ng goma ang dyaryo o ibalot ng plastic kapag umuulan o basa ang sahig at iwan sa harap ng pintuan. (Ito ay maaaring gawin kung WALANG mailbox o nakasara ang pintuan)



MGA KARAGDAGANG PRODUKTONG IHAHATID

Karagdagan sa mga araw-araw na dyaryo, ang tagahatid (carrier) ay responsable sa pamamahagi ng iba pang mga produkto sa mga tiyak na tirahan sa iba't-ibang mga araw ng linggo. Bilang isang tagapaghatid (carrier), ikaw ay babayaran sa bawat isang produktong iyong ihahatid.

Ang ilan sa mga produktong maaaring mong ihatid ay kinabibilangan ng:

- ✓ **On-route** Pakete ng mga Flyers sa lahat ng hinahatiran (subscriber) tuwing Miyerkules at Huwebes
- ✓ **La Liberte** Miyerkules sa piling tirahan lamang
- ✓ **Jewish Post** bawat Ikalawang Miyerkules sa piling tirahan lamang
- ✓ **The Carillon** Biyernes sa piling tirahan lamang
- ✓ **Youtube (TV book)** Sabado sa piling tirahan lamang
- ✓ **Subscriber Invoice** Araw-araw mula Lunes hanggang Biyernes



Pana-panahon, maaari kang makatanggap ng:

- ✓ **Door Hangers** Kailangan ay isabit sa ang hawakan ng pintuan!
- ✓ **Outserts** Espesyal na Advertising produkto na ilalagay sa **LABAS** ng dyaryo
- ✓ **Libreng Dyaryo**
- ✓ **Post It Notes** Ididikit sa harap ng dyaryo
- ✓ **Catalogues**



Ang paglalarawan na ito ay nagpapakita kung paano isasabit ang doorhangers (outsert). Ito ay dapat na ilagay sa hawakan ng pinto sa LAHAT ng mga tirahan o apartment mong hinahatiran. **Ang mga ito ay HINDI na ilagay sa loob o sa labas ng mga pahayagan.**

Sa ibang mga pagkakataon ikaw ay kinakailangan magpaghatid ng invoice ng inyong hinahatiran (subscriber). Siguraduhing ilagay ito nang direkta sa loob ng mailbox.



Third Party Pahayagan



Jewish Post & News

Inihahatid tuwing ikalawang Miyerkules



La Liberté

Inihahatid tuwing Miyerkules



The Carillon

Inihahatid tuwing Biyernes

- Kung ikaw ay may ihahatid na ilan man sa mga nabanggit na karagdagang produkto, makikita mo ito sa iyong “DAILY ACTIVITY REPORT” sa may “ADDITIONAL PRODUCT(S)” – tiganan ang halimbawa sa ibaba.
- DAPAT MONG IHATID SA LAHAT NG TIRAHANG NAKALAGAY SA IYONG “DAR”. Ito ay maaaring ihatid sa mga subscriber ng ating dyaryong Winnipeg Free Press ngunit hindi sa araw ng paghahatid ng “karagdagang produkto” o sa isang subscriber na di hinahatiran ng ating papel.
- Ikaw ay babayaran para sa lahat ng ihahatid na karagdagang produkto kasama ang mga pakete ng Flyers
- Inaasahan namin ang parehong antas ng serbisyo na inyong inuukol sa Winnipeg Free Press ay ganoon din sa mga “karagdagang produkto”.
- Sa kadahilanan tulad ng statutory holidays, ang araw ng paghatid ay maaring gawin ng maaga ng isang araw o sa susunod na araw (halimbawa: Huwebes sa halip na Miyerkules).

ADDITIONAL PRODUCT(S)

Laliberte	757 FURBY ST APT 204
Laliberte	272 LAURA ST
Laliberte	213 NOTRE DAME AVE RM 231
Jewish Post	213 NOTRE DAME AVE RM 1008



On-Routes


On-routes ay hiwalay na mga pakete ng advertising Flyers. Ang mga ito ay inihahatid tuwing Miyerkoles at Huwebes.

AND ISANG ON-ROUTE ay mayroon lamang isang pakete ng Flyers age na ilalagay sa loob ng dyaryo. ANG DOBLENG ON-ROUTE ay may dalawang magkahiwalay na pakete ng Flyers na ilalagay sa loob ng dyaryo.

Hindi lahat ng mga ruta ay makakakuha ng parehong pakete ng on-routes. Ang impormasyong nakasulat sa pakete ay partikular lamang sa iyong ruta at makikita sa iyong "DAR". Siguraduhin na ang LETRA sa itaas ng pakete (bundle) ay tumutugma sa iyong "DAR". Ang ating mga Shippers ay maaaring magkamali kayat mangyaring tiyaking tama bago umalis.

Siguraduhing tama ang bilang ng inyong dyaryo at mga pakete ng On-routes bago umalis ng Free Press Depot. Gayunpaman, kung ikaw ay nagkulang ng kahit anong produkto habang naghahatid, tawagan ang Free Press Depot at iulat ang tahanan ng di nadalhan ng papel.

MAHALAGA: KAAGAD ITAWAG ang iyong kulang na dyaryo at huwag hintayin na matapos ang ruta. TIYAKIN MULI na ang bilang ng iyong dyaryo ay tama kapag ikaw ay may dalawangpung tahanan pang gagawin/dadalhan. Kung sakaling ikaw ay may kulang na dyaryo para sa ilang mga tirahan, magpapadala ang Free Press Depot ng isang driver direkta sa iyong lokasyon upang dalhan ka ng kulang na papel para ito ay iyong maihatid.



Pakete ng On-route (kulay rosas (pink) na barcode wrapper) at Pakete ng Dyaryo (kulay Putting (White) barcode wrapper)

Stickers Para Sa Pagpapaalala ng Bayad



Kapag ang isang hinahatiran (subscriber) ay nalalapit na sa dulo ng kanilang panahon ng subscription, ang tagapaghatid (carrier) ay bibigyan ng pagpapaalala sa pamamagitan ng isang tala sa “DAR” upang ilagay ang alinman sa isang dilaw (yellowe) na sticker (7 araw na babala) o isang orange sticker (huling araw na babala) sa harap ng papel. Ang mga sticker ay matatagpuan sa isang kahon sa mesa sa istasyon ng Depot.

Ihinto ang pagdala ng Dyaryo kapag hindi ito kinukuha ng may-ari!



Habang ikaw ay naghahatid ng dyaryo, kung napansin mo na sa nakaraang tatlong araw hindi kinukuha ang dyaryo ng may-ari, HUWAG ka ng maghatid sa susunod na araw. Tawagan ang numero ng depot at ipatigil ang paghahatid ng dyaryo para sa customer. Maaaring nakalimutan ng ating customer na tumawag para ipahinto ang paghatid ng dyaryo habang sila at nakabakasyon.

Siguro nakabakasyon ang mga Smiths ...



PAGKULEKTA NG BAYAD NG HINAHATIRAN (SUBSCRIBERS)

Karamihan ng ating hinahatiran ay nagpapabayad ng maaga (prepaid). Ngunit sa kaganapang makalimutan ng isang hinahatiran (subscriber) ang pagbayad ng kanilang subscription (kaya napakahalagang maihatid ang kanilang invoice), ang kanilang subscription ay ililipat sa pangongolekta ng tagapaghatid (carrier). Ang tagapaghatid (carrier) ay makakatanggap ng isang "collection card".

Responsibilidad ng tagapaghatid (carriers) ang mangolekta mula sa mga hinahatiran (subscribers) bawat dalawang linggo. Sa panahon ng pangongolekta, ang tagahatid (carrier) ay sisingilin sa pakyawang (wholesale) singil. Ang diperensya sa singil ay ibabalik muli sa tagapaghatid (carrier) kapag ang nasingil na bayad ay naibigay na sa Depot office.

Kung ang customer ay hindi pa bayad matapos ang 4 na linggong pangongolekta, isang orange na sticker na may sulat na "huling isyu ng dyaryo" (last issue sticker) ang ilalagay sa harap ng dyaryo at wala nang ihahatid na papel sa tahanan iyon hanggang sa magbayad ang customer ng kanilang account. Sa kaganapang ang customer ay hindi kailanman nakabayad sa 4 na linggong pagkakautang, matapos ang iyong tangkang pangogolekta, ibabalik ng kompanya ang mga bayad na di mo nakuha (hanggang 4 na linggo lamang). Kailangan mong ipaalam sa District Manager kapag ang ika-apat na linggo ng hindi pagbabayad ay nalalapit na.

Ang Collection envelopes ay inilaan para sa mga tagahatid (carrier) upang gawin itong mas madali para sa mga hinahatiran (subscriber) at tagahatid (carrier). Kailangan lamang punan ng impormasyon ang harap ng sobre at iwanan ito kasama ng dyaryo ng inyong hinahatiran. Ipinapaalam ng Collection envelope sa ating hinahatiran (subscriber) na ilagay ang bayad na tseke sa loob ng sobre at pagkatapos ay iwan ito sa kanilang mailbox para kuhanin ng tagahatid (carrier) sa susunod na araw. Kapag nakuha mo na ang Collection envelope, ibalik ito sa Depot office.

Kung kailangan mo ng tulong upang gawing prepaid customer and inyong hinahatiran na naka carrier collect, mangyaring humingi sa iyong district manager ng mga promotional material na inyong puwedeng iwanan sa inyong hinahatiran.

Winnipeg Free Press Next Day Collection Envelope Leave in Mailbox	ADDRESS: _____ AMOUNT DUE: _____ CARRIER I.D. # _____
Collection Period from: _____ to: _____ PLEASE MAKE CHEQUE PAYABLE TO WINNIPEG FREE PRESS	
<u>Make Collection Envelopes a thing of the past. Choose one of the following convenient payment options:</u>	
1. Pre-Authorized Monthly Chequing Debit 2. Pre-Authorized Monthly Credit Card Debit 3. Term payments of 3, 6 or 12 months...you choose	
Don't Delay! Call our customer service department <i>today!</i> 697-7001 or 1-800-542-8900	
<u>Business hours</u> Monday-Friday 6:00 am – 6:00 pm Saturday 6:00 am – 1:00 pm	

Carrier Collection Card

May isang Carrier Collection Card para sa bawat hinahatirang bahay na inyong kailangang kolektahan ng bagad (CARRIER COLLECT SUBSCRIBER). Ang card na ito ang magsisilbing talaan ng mga bayad ng inyong hinahatiran (subscriber).

Sa harap ng bawat Carrier Collection Card, isulat ang sumusunod: (Sample A)

- ✓ Numero ng Ruta
- ✓ I-tsek ang araw ng paghahatid
- ✓ Ilagay ang Account number ng hinahatiran
- ✓ Ilagay ang petsa ng simula ng paghahatid sa hinahatiran (subscriber)
- ✓ Ilagay ang pangalan ng hinahatiran (subscriber), tirahan at numero ng telepono

Kapag ang isang hinahatiran (subscriber) ay nagbayad, butasan ang petsa kung saang panahon ng koleksyon ang bayad. Ang petsa ng panahon ng koleksyon ay tuwing ikalawang linggo. Halimbawa, Setyembre 3, 2016 ay para sa dalawang linggo mula Agosto 21 - Setyembre 3.

SCHEDULE COLLECTION TIME AND METHOD WITH YOUR CUSTOMERS TO ENSURE PROMPT PAYMENT OF ACCOUNTS.	WINNIPEG FREE PRESS CUSTOMER COLLECTION RECORD	9	23	6	20	3	17	1	15	29	12	26	
		July 16		August 16		September 16		October 16		November 16			
		Winnipeg FreePress 2016 / 2017											
		ROUTE _____						DISTRICT _____					
		DELIVERY SCHEDULE 6-DAY ☐ MON.-FRI. ☐ WEEKEND ☐ THURS-FRI-WEEKEND ☐											
		CUSTOMER ACCOUNT # _____ START DATE _____											
		CUSTOMER NAME _____											
		CUSTOMER ADDRESS _____											
		CITY/TOWN _____ PHONE _____											
		June 17 May 17 April 17 March 17 February 17											
24	10	27	13	29	15	1	18	4	18	4			

January 17	December 16	10
	24	
	7	
21		

Sample A - harap ng carrier collection card

Ang likod ng bawat collection card ay ginagamit pagkatapos mong gumawa ng ilang tangkang koleksyon at panahon ng ipaalam ang: hindi pagbabayad ng hinahatiran; mga tangkang koleksyon; impormasyon sa paghinto at pagsasauli ng pagkakautang sa tigahatid (carrier).

Kumpletuhin ang likod ng collection card ayon sa sumusunod; (Sample B)

- ✓ I-tsek ang kahon para sa araw ng paghahatid sa hinahatiran (subscriber)
- ✓ Isulat ang araw ng paghinto ng paghatid ng dyaryo
- ✓ Isulat ang hindi nabayarang panahon ng koleksyon
- ✓ I-tsek ang kahon ng dahilan ng paghinto ng dyaryo
- ✓ Kung napili ang "OTHER" – isulat ang dahilan
- ✓ I-tsek ang lahat ng kahon na tumutukoy sa tanong
- ✓ Isulat ang tirahan ng hinahatirab (subscriber)
- ✓ Isulat ang halaga na dapat bayaran sa tagahatid (carrier) dahil sa mga dyaryong di nabayaran ng hinahatiran (subscriber)
- ✓ Isulat ang halaga na dapat bayaran sa tagahatid (carrier) para sa paghahatid ng dyaryo sa hinahatiran (subscriber) sa panahon ng palugit
- ✓ Isulat ang numero ng carrier ID kung sino ang tatanggap ng pagkakautang
- ✓ Dapat pirmahan ng tagahatid (Carrier) ang card

Ibigay ang Collection Card sa District Manager sa Free Press Depot office para sa lahat ng hinahatirang di nagbayad (non-pay carrier collect subscriber accounts).

SCHEDULE COLLECTION TIME AND METHOD WITH YOUR CUSTOMERS TO ENSURE PROMPT PAYMENT OF ACCOUNTS.

Delivery Schedule: 6-DAY ☐ MON.-FRI. ☐ WEEKEND ☐ THUR-FRI-WEEKEND ☐

Date Stopped _____ Collection Dates Overdue _____

☐ Moved ☐ Refusal to Pay ☐ No Contact ☐ Other

Reason _____

Collection Methods Employed: ☐ Personal Visit ☐ Telephoned ☐ Collection Envelope

Customer Address _____ Apt. _____

Carrier Owed \$ _____ Grace Owed \$ _____ Carrier ID# _____

Carrier Signature _____

OFFICE USE ONLY

DM Resolution / Restart Effort ☐ DM Final Issue Notice ☐ DM Letter ☐ DM Phone ☐

Stopped in System ☐ Bad Credit ☐ Other ☐ _____

Applying for credit \$ _____ + PST _____ + GST _____ (Maximum Four Weeks - City)
(Maximum Six Weeks - Country)

Equivalent Papers _____

DM INITIALS _____ Verifying Carrier Request and Information Documented in System

Sample B - likod ng carrier collection card

Subscriber Collection Card

Ang Subscriber Collection Card ay dapat ibigay sa lahat ng mga hinahatiran (subscribers) na magbabayad sa naghahatid (Carrier Collect Subscribers).

Mga Tigahatid (carriers), sugraduhing isulat ang inyong pangalan at numero ng telepono sa likod ng card.

Bubutasan ng tigahatid (carriers) ang card na ito tuwing nagbayad ang hinahatiran (subscriber).

And koleksyon ay isinasagawa tuwing ikalawang linggo. Puwede itong gawing personal, pumunta mismo sa tahanan ng hinahatiran, o magiwan na lamang ng subscriber collection envelope sa mailbox.

Kung gagamit ng subscriber collection envelope, siguraduhing tignan ang loob ng mailbox araw-araw para malaman kung iniwan ng hinahatiran (subscriber) ang kanilang bayad. At huwag kalimutang butasan ang Subscribers Collection card kapag nakatanggap ng bayad.

REPORT ANY DELIVERY OR SERVICE CONCERNS TO THE CIRCULATION DEPARTMENT IMMEDIATELY

WINNIPEG FREE PRESS CUSTOMER COLLECTION RECORD

9	23	6	20	3	17	1	15	29	12	26
July 16		August 16		September 16		October 16		November 16		

Winnipeg Free Press 2016 / 2017

Budgeting's a breeze with our Flexible Payment Options

- ◆ Pre-Authorized Credit Card
- ◆ Pre-Authorized Chequing
- ◆ 13, 26, 52 Week Term

For more information please call
204-697-7001 or 1-800-542-8900

June 17	May 17	April 17		March 17		February 17				
24	10	27	13	29	15	1	18	4	18	4

December 16: 10, 24
January 17: 7, 21

CARRIER:

NAME: _____
PHONE: _____

Carrier Collect Reference Card
Please submit Card with your Payment
- Directly to the Carrier or enclosed in the Collection Envelope provided, Every Two Weeks. The Card will be returned to you or your Mailbox, Punched to indicate a receipt of Payment and Dates Paid.

CUSTOMER SERVICE LINE
Winnipeg: 204-697-7001
Outside Winnipeg: 1-800-542-8900
Mon.-Fri.: 6:30 a.m. to 5:00 p.m.
Sat.: 7:30 a.m. to Noon

THANK YOU FOR SUBSCRIBING

Returning Collection Envelopes

Ibalik ang lahat ng collection envelopes sa Free Press Depot sa susunod na araw at ilagay ang mga ito sa isang espesyal na sobre. Mangyaring isulat ang mga sumusunod na impormasyon sa harap ng espesyal na sobre:

- ✓ petsa
- ✓ ruta
- ✓ numero ng carrier ID
- ✓ Pangalan ng Tagahatid
- ✓ Subscriber Account #
- ✓ Ang tahanan ng hinahatiran (subscriber)
- ✓ Numero ng Tseke at ng halaga nito o kung cash isulat ang halaga
- ✓ Petsa ng hanggang anong araw ang inyong hinahatiran (subscriber) ay bayad
- ✓ At ang kabuang halaga ng perang inilagay sa espesyal na sobre

Ilagay ang iyong espesyal na sobre sa nakakandadong kahon sa orange racks sa Free Press depot.

Winnipeg Free Press 1355 MOUNTAIN AVENUE, WINNIPEG, MB CANADA R2X 3B6							
District		Date		Route			
Carrier ID		Carrier Name: (please print)					
Account #	Delivery Address	Cheque Number	Cheque Amount	Cash Amount	Date Paid Through	C C	O P
Totals			\$	\$			

Sample ng Cheque and Cash Deposit Summary Envelope

Talaan ng Presyo ng Dyaryo

NEWSPAPER ONLY		NEWSPAPER & "Yourtube"	
6-DAY	\$16.50 every two weeks	6-DAY	\$17.92 every two weeks
MON-FRI	\$14.18 every two weeks	THURS/FRI/SAT	\$15.48 every two weeks
THURS/FRI/SAT	\$14.06 every two weeks	SATURDAY	\$9.62 every two weeks
SATURDAY	\$8.18 every two weeks		
6-DAY CUMULATIVE RATES		6-DAY CUMULATIVE RATES	
1.	1.38	7.	10.34
2.	2.75	8.	11.71
3.	4.13	9.	13.09
4.	5.50	10.	14.46
5.	6.88	11.	15.84
6.	8.25	12.	17.92
TERM PAYMENTS (6-DAY)		TERM PAYMENTS (6-DAY)	
13 Weeks	\$107.25	13 Weeks	\$116.55
26 Weeks	\$203.21	26 Weeks	\$220.82
52 Weeks	\$386.09	52 Weeks	\$419.55
E-Z PAY monthly	\$32.16	E-Z PAY monthly	\$34.95
Effective June 27, 2016		Effective June 27, 2016	
Winnipeg Free Press		Winnipeg Free Press	
HOME DELIVERY RATE CARD		HOME DELIVERY RATE CARD	
Customer Service 204-697-7001		Customer Service 204-697-7001	
		WINNIPEG RATES	

Rate Card - Newspaper Only

Rate Card na may Yourtube

Ang "Newspaper Only" rate card ay para sa karaniwang presyo ng dyaryo. Ipinapakita nito ang dalawang-linggong presyo para sa mga sumusunod na iskedyul ng paghahatid;

- ✓ 6 - Day
- ✓ Lunes hanggang Biyernes
- ✓ Huwebes, Biyernes at Sabado lamang
- ✓ Sabado lamang

Kung ikaw ay kinakailangang mangolekta ng bayad mula sa isang anim na araw na customer (6-Day), ang talaan ay magpapakita sa iyo kung magkano ang kokolektahin batay sa bilang ng mga araw na nakatanggap ng dyaryo ang hinahatiran (subscriber) sa pagitan ng 1 at 12 araw.

Ang presyo ng 6-Day term na subscription ay ipinakita rin.

Ang "Newspaper & Yourtube" rate card ay katulad ng "Newspaper Only" rate card na may pagkakaiba lamang dahil sa presyo ng pagsama ng "Yourtube" (TV book) sa kabuang halaga.

PARAAN SA PAGPILI O PAGHAHANAP NG KAHALILI

RESPONSIBILIDA NG TAGAPAGHATID (CARRIER) ANG PAGHAHANAP NG KANILANG KAHALILI KAPAY MAY PLANONG MAWALA NG PANANDALIAN SA KANILANG RUTA.

Kung wala kang kapalit o kahalili, **maaari mawala sa iyo ang iyong ruta** at ang taong mahahanap ng Free Press ay maaaring maging bagong permanenteng tagahatid (carrier).

Bago ang planong pagalis, kailangang kumpletuhin at isumite ang hiling para sa isang kahalili/kapalit (Substitute Request).

Kung sakaling hindi ka magkaroon ng isang kapalit, ang tagapaghatid (carrier) ay maaaring magpastil ng isang Substitute Request Form sa Depot Bulletin Board. Suriin ang mga gustong humalili at ikaw na rin ang pipili ng iyong magiging kahalili.

Responsibilidad ng tigahatid (carrier) na tiyakin na ang kanilang magiging kahalili ay bihasa at matutugunan ang lahat ng mga kinakailangan ng hahatiran (subscriber) sa itinalagang ruta, at susunod sa lahat ng patakaran ng Winnipeg Free Press at mga pamamaraan. Ikaw pa rin ang may pananagutan para sa pagganap ng iyong kapalit.

Kailangang lagyan ng initial ng District Manager ang Substitute Request upang malaman na ito ay kanilang natanggap.

Sanayin ang iyong kapalit na rin. . . Kinakatawan nila sa iyo!

Substitute Request	
Carrier	Date Posted
Route Number(s)	Draw
Streets	
Deliver From:	To:
Returning	
Substitute	Phone
All requests must be approved by your District Manager	

ANG PAGKALKULA NG KITA NG ISANG TAGAPAGHATID (CARRIER)

Ang Tagapaghatid (carrier) ay makakatanggap bayad diretsyong sa kanyang bango tuwing ikadalawang linggo. Ang deposito ay papasok sa inyong account sa bangko tuwing Biyernes ng ikadalawang linggo. Sa kaganapan ng isang holiday sa araw ng Biyernes, ang deposito ay papasok ng Huwebes.

✓ Araw-araw (Lunes hanggang Sabado) na paghahatid ng dyaryo	\$ 0.2029
✓ Sabado lamang na paghahatid ng dyaryo	\$ 0.3088
✓ Pakete ng On-route flyers (Miyerkules at Huwebes)	\$ 0.0550
✓ Youtube	\$ 0.0550
✓ Magazines / Catalogues	\$ 0.0450
✓ Promosyonal na Materyal (outserts, door hangers, atbp)	\$ 0.0500
✓ Inserts	\$ 0.0050
✓ Paghahatid ng libreng dyaryo (Lunes hanggang Sabado)	\$ 0.2329
✓ Paghahatid tuwing "Bonus Day"	\$ 0.2029
✓ Pagkuha ng bayad ng mga "Paid in office" customers	\$ 1.5000
✓ Subscriber Renewal notice envelopes	\$ 0.1000
✓ Subscriber Renewal notice stickers	\$ 0.1000

Bayad sa Milyaheng sa paggamit ng sariling sasakyan

Ang Tagapaghatid (Carriers) ay babayaran para sa paggamit ng kanilang sariling sasakyan para sa paghahatid. Ang pagkalkula para sa milyahe ay magsisimula sa Free Press depot, papunta sa unang hahatirang tirahan hanggang sa huling tirahang dadalhan ng papel. Ito ay tutukuyin ng Route Smart.

Singil para sa mga reklamo ng hinahatiran

Ang mga Tagapaghatid (Carriers) ay sisingilin kapag ang isang hinahatiran (subscriber) ay nagreklamo na hindi nila natanggap ang kanilang dyaryo.

PAG-ANUNSYO NG RUTA

Kapag may bukas na ruta, ito ay ipapaalam ng District Manager sa pamamagitan ng pagpastil ng anunsyo sa bulletin board sa loob ng **tatlong araw**. Kapag interesadi ang Tagapaghatid, ibigay lamang ang inyong pangalan sa District Manager.

Sa kaganapan na maraming intersadong Tagapaghatid (carrier) para sa bukas na ruta, ang ruta ay igagawad sa mga Tagapaghatid (carrier) na may “seniority” ilinsunod sa Carrier Collective Agreement.

Ang sumusunod na impormasyon ay ipagkakaloob sa pag-anunsyo ng bukas na ruta:

WINNIPEG FREE PRESS - ROUTE POSTING	
Route Number:	
Draw:	Daily Saturday
Kilometre allowance:	Ask District Manager for details
Streets/Area:	
Start Date:	
Posted Date:	
Removed On:	
Posted By:	
Other Notes:	

- ✓ Numero ng Ruta
- ✓ Bilang ng hahatiran ng dyaryo
- ✓ Kalye/Lugar ng ruta
- ✓ Petsa ng pagsisimula
- ✓ Petsa ng pag-anunsyo ng bukas na ruta
- ✓ Inaasahang kita sa ruta
- ✓ Kilometro/milyahe
- ✓ Listahan ng ruta mula sa Route Smart

SERVICE AWARDS/DRAWS

Maraming benepisyo ang pagiging isang Tagapaghatid (carrier) ng Free Press.

Service Rewards

Paminsan-minsan, ang mga Tagapaghatid (carrier) na nagbibigay ng mahusay na serbisyo sa paghahatid ay gagantimpalaan ng komplimentaryong tiket para sa mga kaganapan sa sports, entertainment venues at iba pa.



Draws

Ang mga Tagapaghatid (Carrier) ay awtomatikong isinasali sa giveaway prize draws sa buong taon para sa pagpapanatili ng magandang serbisyo.

PATAKARAN SA PRIVACY

Ang mga sumusunod ay ang patakaran ng Winnipeg Free Press tungkol sa privacy na ipinakita at ipinaalam sa ating mga customer. Bilang isang tagapaghatid (carrier), dapat kang sumunod sa ating patakaran pagtading sa privacy. Sa ilang mga tips, sundan ang mga susunod na pahina.

Kinikilala ng FPLP (FP Canadian Newspapers Ltd Partnership) ang kahalagahan ng pagprotekta sa privacy ng personal na mga impormasyon na nakolekta tungkol sa ating mga customer. Kabilang dito ang mga subscriber at ang mga gumagamit ng aming mga serbisyo, mga bumibili ng ating mga produkto, ang mga advertiser (kabilang ang mga na nag-advertise sa classified ads), mga sumasali sa ating contest, at mga bisita sa ating website. Kami ay sumunod sa makatarungang kasanayan sa pagkuha ng impormasyon at limitasyon sa pagkolekta nito, paggamit, at pagsisiwalat ng personal na impormasyon na kung saan ay ibinigay sa atin, impormasyon na kung saan ay kinakailangan para sa aming mga layuning pang-negosyo, at upang magkaloob ang mga serbisyo sa iyo.

Nangongolekta ng personal na impormasyon ang FPLP kapag nagbibigay kami ng aming mga serbisyo at ng aming mga produkto sa aming mga customer upang matupad ang aming layunin at responsibilidad kaugnay sa mga serbisyong ito, halimbawa sa permit billing, paghahatid ng aming mga pahayagan at para sa pag-anunsyo at iba pang mga bagay ukol sa aming mga customer. Paminsan-minsan, kumokontrata kami sa iba na magbigay ng mga serbisyo sa iyo na kung saan kami ay humahanap ng ahente o kontrata sa iba upang magbigay ng mga serbisyong iyon, kinakailangan ang mga ahenteng ito ay magpakita ng parehong pangako sa pagpapanatili ng iyong privacy.

Hindi kami nangongolekta, gumagamit o namimigay ng personal na impormasyon tungkol sa aming mga customer nang walang pahintulot ng aming mga customer, maliban kung saan ang paghahayag ay pinahihintulutan o hinihingi ng batas.

Hangga't maaari, ang FPLP ay nililimitahan ang paggamit ng mga impormasyon para sa mga layunin kung bakit ito kinolekta at kung saan kami ay may bagong paggagamitan para sa impormasyon na iyon, ito ay aming ipaalam sa iyo at kung saan makatwiran at kinakailangang makuha ang iyong pahintulot.

Panatilihin ng FPLP ang personal na impormasyon tungkol sa mga customer hanggang ito ay kinakailangan para sa aming mga layuning pang-negosyo at upang sumunod sa anumang nalalapat na batas na namamahala sa pagpapanatili ng mga talaan.

Kapag ang FPLP ay hindi na nangangailangan ng mga impormasyon para sa aming mga layuning pang-negosyo o upang matugunan ang mga legal na pangangailangan, ito ay aming sisirain o gagawaran ito bilang anonymous (o di kilala).

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa FPLP sa 1355 Mountain Avenue, Winnipeg, Manitoba, R2X 3B6 o sa aming website sa www.winnipegfreepress.com

Ang Personal Information Protection at Electronic Documents Act(PIPEDA) tumutukoy sa "personal na impormasyon" , impormasyon tungkol sa isang kinilalang indibidwal kasama ang anumang mga factual o subjective na impormasyon na naitala o hindi, at sa anumang anyo. Halimbawa, ang mga sumusunod na ay ituturing na personal na impormasyon:

- i. Pangalan, address, e-mail address, numero ng telepono, Identification number, kita o sweldo na kung saan ay maaaring nauugnay sa isang partikular na indibidwal.
- ii. Talaan ng utang, o ang pagkakaroon ng isang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng isang customer at FPLP ay itinuturing personal na impormasyon. Ang intensyon ng isang customer para makakuha ng mga kalakal o serbisyo ay personal na impormasyon.

Privacy Tips para sa mga Tagapaghatid

- Protektahan ang personal na impormasyon laban sa pagkawala o pagnanakaw - tiyakin ang mga dokumento na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa ating mga customer ay iniingatan at ilagay sa isang naka-lock na lokasyon at hindi nakabukas sa publiko.



- Lahat ng mga listahan ng ruta at iba pang mga dokumento na naglalaman ng personal na impormasyon ng customer ay kailangang ibalik sa depot sa sandaling ang mga ito ay hindi na kinakailangan at ilagay ito sa SHREDDING BOX.

- Kung ang impormasyon ay ninakaw, nawala o nagkamaling isiniwalat, ipaalam kaagad sa iyong supervisor ng anumang paglabag. Itala ang petsa ng pangyayari, kailan ito natuklasan, lokasyon, at ang dahilan.

- Kung mayroon kang mga katanungan o mga alalahanin tungkol sa ano mang bagay sa privacy mangyaring makipag-usap sa iyong district manager.

OPTIONAL CARRIER INSURANCE

Ang mga Tagapaghatid ay maaaring sumali sa pagbili ng Accident & Life Insurance. Ang bayad ay \$ 13.00 bawat linggo plus 8% PST (\$ 28.08 ang ibabawas mula sa iyang invoice tuwing ika-dalawang linggo).

Para sa kumpletong detalye, tanungin ang iyong district manager upang ibigay sa iyo ang Insurance Certificate. Ito ay listahan ng lahat ng bagay na ay sakop ng insurance.

Kung magpasya kang tanggapin ang insurance, kailangan mong kumpletuhin ang RWAM Enrolment form, pati na rin ang Insurance Enrolment form.

Kung hindi mo nais ang insurance, kailangan mong punan ang Insurance Rejection Form.

INSURANCE ENROLLMENT CARD

Policyholder _____

Name of Insured _____ Route _____

Address _____ Phone _____

City/Province _____ Postal Code _____

SIN _____ Date of Birth _____

Beneficiary _____ Relationship _____

I hereby apply for Independent Contractor Accident Insurance and authorize the newspaper to add the premium to the independent contractor paper bill.

Currently I have other insurance in force. ☐ Yes ☐ No

Signature of Insured _____
(parent or guardian if under 18 years)

Effective Date of Coverage _____ Cancellation Date of Coverage _____

PLEASE PRINT Policyholder _____

Independent Contractor's Name _____

_____ Route _____
(First Name) (Last Name)

Address _____ Phone _____

City/Province _____ Date of Birth _____

For above Independent Contractor, I do not want to enroll in the Accident Insurance Program sponsored by your newspaper.

Signature of Independent Contractor _____
(Parent or Guardian if under 18 years)

Date _____

INSURANCE REJECTION CARD

Kumpletuhin kung Insurance ay tinanggap

[illegible]

Kumpletuhin kung insurance ay di nais

SUMMARY PAGE

Narito ang isang mabilis na sanggunian sa mga mahahalagang puntos na binalangkas sa iyong carrier Handbook.

- ✓ **Oras ng paghatid ng diyaryo/pahayagan (Delivery Deadline)**
6:00 ng umaga Lunes hanggang Biyernes
7:00 ng umaga tuwing Sabado
- ✓ **Bilangin ang iyong mga diyaryo/pahayagan at ang mga pakete On-route/s bago umalis ng Free Press depot**
- ✓ **Lahat ng mga diyaryo/pahayagan ay ilagay sa loob ng mailbox, o sa pagitan ng pinto o ibalot ito sa isang plastic sleeve kung ito ay hiling ng hinahatiran (subscriber).**
- ✓ **Ang mga Tagapaghatid ay dapat magbigay ng kanilang sariling mga kapalit (substitutes)**
- ✓ **Kung ikaw ay aalis na sa pagiging Tagapaghatid? Kailangang ng abiso dalawang linggo na nagtatapos sa huling araw ng isang dalawang-linggong cycle ng sweldo.**
- ✓ **Huwag magtapon ng anumang plastic o strapping ng diyaryo/pahayagan sa lalagyan ng recycling.**
- ✓ **Ang banyo ay bukas mula 1:00 ng umaga, oras ng pagbukas ng Free Press depot**
- ✓ **Kung sakaling ikaw ay may kulang sa diyaryo/pahayagan, On-route o iba pang mga produkto, agad tumawag sa Free Press Depot**

204-697-7155

Karagdagang mga Tala

[illegible]